

DATE : 21 JUL 2019

DAY : Sunday

DENR

IN THE NEWS

Strategic Communication and Initiative Service



21 JUL 2019

TITLE:

PAGE 1/

DATE

SAKO-SAKONG BASURA NAHAKOT

DAAN-daang volunteer mula sa gobyerno at pribadong sector ang nakilahok kahapon upang magtulong-tulong sa paghahakot ng mga sako-sakong mga basura mula sa dalampasigan ng Manila Bay sa may Las Piñas-Parañaque Critical Habitat Ecotourism Area malapit sa Coastal Area.

Ang mga sako-sakong basura ay nahakot matapos ang isang linggong pag-ulan dala ng habagat.

Nagkalat ang plastic at iba pang mga basura sa ilang kilometrong haba ng baybayin sa habitat bago magsimula ang paglilinis dakong 6:00 ng umaga.

Napag-alaman na lingguhan naman ang ginagawang paglilinis sa naturang lugar mula nang magsimula ang Manila Bay Clean-up project.

Ayon sa pahayag ng Parañaque City Environment and Natural Resources Office, wala ang mga naturang basura noong nakaraang Sabado matapos ang kanilang-huling samasamang clean-up sa lugar.

JAMES L. CATAPUSAN



Ban sa imported trash, plastic wish kay Du30

UMAASA ang EcoWaste Coalition na tuluyan nang ipaba-ban na ni Pangulong Duterte ang pagpasok sa bansa ng mga imported na basura.

Maaari umanong isa-publiko ni Duterte ang ban na ito sa kanyang State of the Nation Address sa Lunes.

"We hope President Duterte in his upcoming SONA will reinforce his resolute stance against foreign waste dumping and give the environmental department and the customs bureau their marching orders to ensure zero entry of all wastes from overseas, including processed residuals cunningly called alternative fuels," ani Aileen Lucero, National Coordinator ng EcoWaste.

Umaasa rin si Lucero na bibigyan ni Duterte ng deadline ang pagpapaba-

lik sa mga basura na mula sa Australia at South Korea na dumating sa Mindanao.

May 211 tonelada ng waste-derived processed engineered fuel mula sa Australia at 5,177 tonelada ng mixed plastic waste mula sa South Korea ang nasa Mindanao Container Terminal at PHIVIDEC Industrial Estate sa Tagoloan, Misamis, Oriental.

"His fourth SONA is the right time for the chief policy maker to announce a total ban on foreign waste imports and his intent to ratify this year the Basel Ban Amendment and the Minamata Convention on Mercury, two landmark global agreements that seek to protect public health and the environment against hazardous chemicals and wastes,"

dagdag pa ni Lucero.

Sa ilalim ng Basel Ban Amendment ay ipinagbabawal ang pag-export ng hazardous wastes at iba pang basura sa ibang bansa. Layunin naman ng Minamata Convention na bawasan ang paggamit ng mercury sa buong mundo.

Umaasa rin ang EcoWaste na ipagbabawal na ni Duterte ang paggamit ng single use plastic sa buong bansa.
— *Leifbilly Begas*



Editorial

Basurang imported, nakakapasok dahil sa mga corrupt sa Customs

MARAMING corrupt na opisyal at empleyado sa Bureau of Customs (BOC). Katibayan dito ang 50 opisyal at empleyado na sangkot sa corruption na pinatawag ni President Duterte noong Huwebes. Bibigyan sila ng pagkakataong idepensa ang sarili sa proper forum.

Talamak talaga ang corruption sa BOC at maaaring hindi lang 50 opisyal at empleyado ang sangkot. Pati pala ang imported na basura kaya nakakapasok sa bansa ay dahil din sa mga corrupt sa BOC. Sila lang kasi ang nakaaalam kung may darating na shipment at alam nila kung ano ito. Alam nila na basura ang parating at alam nilang bawal ang pag-eeksport ng basura ayon sa Basel Ban Amendment. Mahigpit na ipinagbabawal ang pag-eexport ng basura mula sa developed countries to developing countries.

Pero ang kautusan ay nalabag nang husto sapagkat

naging bagsakan ng basura ang Pilipinas sa matagal na panahon. At nangyari iyon dahil na rin sa matinding corruptions sa BOC. Lahat nang pagkakakitaan ng mga gahaman sa nasabing tanggapan ay papsukin kahit na nga ang basura. Alam nilang bawal magpasok nito pero dahil malaki ang perang sangkot, pinapayagang makalusot. Pera-pera lang ang usapan at makakalusot sa Customs.

Kung hindi pa nagalit si President Duterte sa Canada, hindi kukunin ang itinambak nilang mahigit 100 containers ng basura na naglalaman ng mga used diapers, hospital wastes at iba pang toxic na bagay na delikado sa kalusugan. Pitong taon na nakatambak sa bansa ang mga basura at naibalik lamang sa Canada noong Mayo. Pinauwi ni Duterte ang ambassador doon at iba pang embassy officials dahil sa isyu ng Canadian trash. Napilitan ang Canadian government na hakutin ang basura.

Bukod sa Canada, nagdala rin ng basura sa bansa ang South Korea, Australia at Hong Kong. Nagkusa na ang South Korea na ibalik ang basura nila. Ang Hong Kong at Australia ay kumikilos na rin umano sa pagbabalik ng kanilang basura.

Inatasan na ng Department of Finance ang BOC na bumuo ng strike team para mapigilan ang pagpasok ng basura sa bansa. Sinuportahan ng EcoWaste Coalition ang ginawa ng DOF. Bakit ngayon lang ito naisip ng DOF. Dapat noon pa? Ngayong unti-unti nang nawawalis (sana nga) ang mga corrupt sa BOC, maaaring hindi na makapasok ang mga imported at hazardous na basura.





21 JUL 2019

TITLE :

PAGE 1/

DATE

Anong Problema ng Bansa ang Gusto mong Mabigyan ng Solusyon?

"Para sa akin numero uno talaga ang problema sa basura. Diyan nagsisimula yan eh. Saka kumbaga dun nagre-reflect ang galing ng isang leader. Kapag malinis at may kaayusan ang lungsod, masasabi mong magaling ang isang leader." - Estoy, Manila

"Waste management talaga ang gusto kong mabago sa ating bansa. Ito ang nakikita kong problema. Ito rin ang madalas na dahilan kung bakit laging nagbabaha. Nagsisimula naman ito sa disiplina ng isang tao, sa pamilya." - John Mark, Makati



Mayor Belmonte forms Solid Waste Collection task force

TO provide a more comprehensive and strategic Solid Waste Collection plan, Quezon City Mayor Joy Belmonte recently ordered the creation of Task Force on Solid Waste Collection, Cleaning, and Disposal Services Management.

In her Executive Order no. 3 series of 2019, Mayor Belmonte stated the need to create a team that will ensure the implementation of solid waste collection, cleaning, and disposal.

"It is the policy of the city to promote the preservation, protection, and revival of the ecosystem through prevention, control, and abatement of air, water, and land pollution and the spread of hazardous wastes in the environment, hand-in-hand with the sustained development of the City," EO no. 3 reads.

The taskforce will supervise and manage the collection and transport of solid wastes, as well

as collection maintenance and continuity in the city.

Further, the group will also coordinate with the national agencies and barangays to implement solid waste collection and management, and will recommend service providers for disposal services to the city mayor.

The secretary to the mayor will be the chairman of the Task Force on Solid Waste Collection and the head of the Environment Protection and Waste Management Department as the vice chairperson.

The heads of Barangay and Community Relations Department, Market Development and Administration Department, and Business Permits and Licensing Department will serve as the task force members.

The secretary to the mayor will also supervise an action team, which will serve as the implementing arm of the task group.



Pagbabawal sa 'single-use plastics' prayoridad ni Villar

PRAYORIDAD ni Senador Cynthia Villar ang batas na magbabawal sa single-use plastics upang mapigilan ang polusyon sa bansa.

Layunin ng Senate Bill No. 333 o Single-Use Plastic Product Regulation Act of 2019 na i-regulate ang manufacturing, importation at paggamit ng single-use plastic products.

Sinabi ni Villar na inasahang chairperson ng Committee on Environment and Natural Resources sa 18th Congress, na mahalaga ang pagsasabatas ng panukalang ito dahil sa pag-aaral na sa buong mundo, ang Pilipinas ang pangatlong pinakamalaking producer ng plastic wastes na napupunta sa karagatan.

Base sa 2015 report tungkol sa plastic pollution na isinagawa ng international group Ocean Conservancy and McKinsey Center for Business and

Environment, ang Pilipinas ang pangatlo sa pinakamalaking source ng plastic kasunod ng China at Indonesia.

Sinabi pa ng Nacionalista Party senator na umiigting ang suliranin sa plastic waste dahil na rin sa mga produktong nasa plastic sachets.

Sa ilalim ng panukala, pagbabawalan ang food establishments, stores, markets at retailers na magbigay ng single-use plastics.

Hihikayatin din ang consumers na gumamit ng reusable materials samantalang ang manufacturers ay dapat na mangolekta, mag-recycle at itapon ang single-use plastics. Hindi na rin papayagan ang importasyon ng single-use plastics.

Papatawan ng multang P10,000 -100,000 at suspensyon o pagpapawalang bisa sa business permit ang mga business enterprise, micro, small at medium enterprises na lalabag sa ba-

tas.

Pagmumultahin naman ng P100,000 hanggang P1 milyon o sususpindihin o pawawalang bisa ang business permit ng VAT-registered enterprises, establishments at tindahan at lahat ng plastic manufacturers na may paglabag.

Sa ilalim ng panukala, magtatag rin ng Special Fund for Single-use Plastic Regulation na bubuun ng collected tariffs, levies at fees.

Bukod dito, gagamitin ang pondo sa pagtatayo ng recycling centers at assistance at incentives para sa manufacturers at community-based initiatives upang mabawasan ang single-use plastics. Para rin ito sa non-government at civil society organizations na nagsusulong sa wastong solid waste management.

(Mylene Alfonso)



ISKO: MAYNILA UMAAPAW SA EBAK!

DISMAYADO si Mayor Isko Moreno sa lagay ng Maynila ngayon dahil punong-puno ito ng dumi at ebak.

"Talagang Manila is full of sh*t - literal, not metaphorically," saad ni Moreno sa kanyang talumpati sa induction ng mga opisyal ng Rotary Club ng Bagumbayan, Manila.

"Instead na i-sugarcoat mo or itago mo, mas lalong hindi nareresolba," dagdag pa niya.

Dahil dito, hinikayat niya ang mga Rotarian na tulungan siya sa paglilinis ng imahen ng Maynila.

"Let's use your resources towards a direction where we are going to make Manila vibrant again," hirit ng alkalde.

Noong nakaraang linggo lamang ay nakatapak ng tae si Moreno habang iniinspeksyon ang Bonifacio Shrine na katabi lamang ng Manila City Hall. Tinawag pa niya ang lugar na kubeta ng bayan dahil dito pala dumudumi ang mga vendor at informal settler.

Sa kanyang pagkadismaya, pinasibak ni Moreno ang police chief na nakakasakop sa Lawton kung saan matatagpuan ang monumento ni Bonifacio.

Kumilos naman ang Department of Public Services, mga bumbero at concerned citizen para linisin ang lugar. Ipagpapatuloy nila ang paglilinis ng monumento, dalawang beses kada linggo, upang matanggal ang masangsang na amoy ng dumi ng tao.

Binisita din ni Moreno ang Vitas slaughterhouse sa Tondo, Maynila at halos masuka sa lagay ng katayan ng bayan.

Binanggit ni Moreno na malinis dapat ang slaughterhouse dahil dito nanggagaling ang mga karneng ibebenta sa mga pamilihan.



'Adopt-an-Estero' launched in Batanes

BATANES: After the onslaught of Typhoon Falcon, the Department of Environment and Natural Resources (DENR) in Region 2 has led about 300 residents, local government officials and employees in the *estero* cleanup to mark the launching of the "Adopt-an-Estero" project.

The project was initiated by the Provincial Environment and Natural Resources Office (Penro) in Batanes, which yielded around 75 kilograms of solid waste during the cleanup activity.

Corie Corpuz, DENR Region 2 information officer, said the project was implemented along the Padangan Creek and San Antonio Creek, which are along the urban *barangay* (village) of Basco, the capital town of the island province.

Padangan Creek covers *barangay* Kayvaluganan, Kayhuvokan and Kaychanarianan with total households of 1,648, while San Antonio Creek in *Barangay* San Antonio covers 473 households.

"Since Basco town is the entry point

of tourists and the site of most of the hotels and other lodging houses in the province, the influx of tourists here has increased the waste generated by the residents," Corpuz said.

Victoria Baliuag, Penro management services chief and project proponent, said the creeks were regular cleanup sites by environmental stakeholders during special events.

"However, their cleanliness is not maintained, thus, the need for the adoption of the creeks under the program," Baliuag said.

She said the cleanup of the creeks with an aggregate length of 2,610 meters was timely as Typhoon Falcon hit the island province a day after the activity.

"The typhoon filled the intermittent creeks with water that should have brought the solid waste to the West Philippine Sea which provides abundant supply of fishes and other coastal resources for the Ivatans," Baliuag said.

LEANDER C. DOMINGO



Implement RA 9003, Manila Bay LGUs told

Sen. Cynthia A. Villar yesterday called on local government units to do their mandate in minimizing wastes in the Manila Bay area especially as the rainy season has started.

"We should really ask the local government to implement the solid waste management law. That's the only way to stop the garbage from

←
SEN. Cynthia Villar led the cleanup of Long Island at the Las Pinas-Parañaque Wetland Park on Coastal Road in Las Pinas City. (Ali Vicoy)

coming to the Manila Bay," Villar said in an interview on the sidelines of a Manila Bay cleanup drive in Las Piñas City.

Villar was referring to the Republic Act 9003, or the Ecological Solid Waste Management of 2002, which sought to address the garbage problem in the country.

Section 10 states that LGUs are "primarily responsible for the implementation and enforcement of the provisions of the law."

It particularly tasks barangays to lead the segregation and collection of solid wastes, specifically for biodegradable, compostable, and

reusable wastes, while municipal or city governments shall be responsible for the collection of non-recyclable materials and special wastes.

Aside from LGUs, Villar also pointed out the responsibility of water concessionaires under Republic Act 9275 to maintain sewerage systems and prevent wastewater from going to the Manila Bay.

"Because the Manila Bay might be clean in appearance, but if all the wastewater goes there then it is still not clean. In quality, it is dirty," she said. **(Vanne Terrazola)**





STRATEGIC
COMMUNICATION
INITIATIVES
SERVICE

THE EXPONENT OF PHILIPPINE PROGRESS
SINCE 1900
MANILA BULLETIN
THE NATION'S LEADING NEWSPAPER



PAGE



UPPER
LOWER



PAGE 1
STORY



BANNER
STORY



EDITORIAL



CARTOON

21 JUL 2019

TITLE:

PAGE 1/

DATE

Water at Angat Dam rises above critical level

By **ALEXANDRIA DENNISE SAN JUAN**

Following rains dumped by past weather systems and the southwest monsoon, water level in Angat Dam rose above its 160-meter critical level on Saturday morning.

Based on data from the Philippine Atmospheric, Geophysical, and Astronomical Services Administration (PAGASA), water elevation in Angat Dam on Saturday was measured at 161.35 meters above sea level (MASL).

This was higher by at least 1.19 meters from the previous 160.16 masl recorded in the watershed on

Friday morning and from the 158.27 masl on Thursday.

However, the current level of water in Angat Dam was still 18.65 meters below the 180-meter minimum operating water level needed to resume the irrigation supply allocation to nearby provinces.

The Angat Dam, located in Norzagaray, Bulacan, is the major water source of households in Metro Manila and neighboring provinces.

Aside from Angat Dam, water level in other major watersheds also increased including La Mesa Dam at 73.21 MASL on Saturday from 73.09 MASL on Friday; Ambuklao Dam at 743.68 MASL from 743.11

MASL; Binga Dam at 568.79 MASL from 568.34 MASL; San Roque Dam at 230.77 MASL from 230.74 MASL; and Pantabangan Dam at 189.18 MASL from 189.02 MASL.

In an earlier statement, the National Water Resources Board (NWRB) said that monsoon rains and expected tropical cyclones this month are expected to replenish the water supply in Angat Dam.

Meanwhile, as Tropical Depression "Goring" weakened into a low pressure area (LPA) before it exited the country on Friday night, southwest monsoon or "habagat" will continue to bring rains in the country this weekend.



Angat level above critical mark now

By Michael Pingol

Water in Angat Dam finally rose above the 160-meter critical level on Saturday morning following back-to-back rains caused by past weather systems and the southwest monsoon, according to the Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA).

In its report, the state weather bureau said that the water elevation in Angat Dam on Saturday was measured at 161.35 meters above sea level (masl) - higher by at least 1.19

meters from the previous 160.16 masl recorded in the watershed on Friday morning and from the 158.27 masl on Thursday.

Monsoon rains and expected tropical cyclones are expected to replenish the water supply.

But PAGASA stressed that the current level of water in Angat Dam was still 18.65 meters below the 180-meter minimum operating water level needed to resume the irrigation supply

allocation to nearby provinces.

Aside from Angat Dam, water level in other major watersheds also increased including La Mesa Dam at 73.21 masl on Saturday from 73.09 masl on Friday; Ambuklao Dam at 743.68 masl from 743.11 masl; Binga Dam at 568.79 masl from 568.34 masl; San Roque Dam at 230.77 masl from 230.74 masl; and Pantabangan Dam at 189.18 masl from 189.02 masl.

In an earlier statement, the National Water Resources Board said that monsoon rains and expected tropical cyclones this month are expected to replenish the water supply

in Angat Dam.

Meanwhile, as Tropical Depression "Goring" weakened into a low pressure area (LPA) before it exited the country on Friday night, southwest monsoon or "habagat" will continue to bring rains in the country this weekend.

PAGASA weather specialist Meno Mendoza said monsoon rains will prevail over most parts of Luzon particularly in Batanes, Calayan, Babuyan Group of Islands, Ilocos Region, Cordillera Administrative Region, Zambales and Bataan.



Tubig sa Angat, tumaas na

Nakawala na sa critical level na 160 meters ang tubig sa Angat dam sa Bulacan.

Sa ulat ng PAGASA-dam monitoring department, umabot na kahapon ng umaga sa 161.35 meters ang water level sa Angat dam, mas mataas sa 160.16 meters noong Biyernes ng umaga.

Patuloy ang pagtaas ng water level sa Angat dulot ng ulan na dala ng bagyong Goring, ng bagong LPA at ng habagat na sumadsad na sa Angat watershed.

Bunga nito, maiibsan na ang mahabang oras ng water interruption na ipinatutupad ng Manila Water at Maynilad Water sa kanilang consumers sa Metro Manila at karatig lalawigan.

Sinasabing oras na pumalo na sa average na 180 meters ang water level sa Angat dam, asahan na ang maayos na daloy ng tubig sa MM.

Ang Angat dam ang pinagkukunan ng 90 percent ng suplay ng tubig sa Metro Manila.

Dahil sa mga dalang ulan ng iba't ibang weather disturbances na pumapasok sa bansa, asahan na anya ang unti-unting pagbuti ng suplay ng tubig sa Kalakhang Maynila. (Angie dela Cruz)



TITLE :

PAGE 1/

DATE

Rains raise Angat Dam water level

Rains dumped by past weather systems and the southwest monsoon raised the water level in Angat Dam above its 160-meter critical level yesterday morning.

The Philippine Atmospheric, Geophysical, and Astronomical Services Administration said water elevation in Angat Dam was 161.35 meters yesterday, higher than 160.16 meters Friday and 158.27 meters Thursday.

The water level of Angat Dam is still 18.65 meters below the 180-meter minimum operating water level needed to resume the irrigation supply allocation to surrounding provinces. The Angat Dam is also the major water source of households in Metro Manila and neighboring provinces.

Water levels in other major watersheds also increased – La Mesa Dam in Quezon City at 73.21 meters yesterday from 73.09 meters Friday; Ambuklao Dam in Benguet at 743.68 meters yesterday from 743.11 meters Friday; Binga Dam, also in Benguet, at 568.79 meters yesterday from 568.34 meters Friday; San Roque Dam in Agno, Pangasinan at 230.77 meters yesterday from 230.74 meters Friday; and Pantabangan

Dam in Nueva Ecija at 189.18 meters yesterday from 189.02 meters the other day.

The National Water Resources Board had earlier said that monsoon rains and expected tropical cyclones this month are expected to replenish the water supply in Angat Dam.

Meanwhile, tropical depression "Goring" weakened into a low-pressure area before it exited the country Friday but the southwest monsoon or "habagat" will continue to bring rains in the country this weekend.

PAGASA weather specialist Meno Mendoza said monsoon rains will prevail in most parts of Luzon, particularly Batanes, Cagayan, Babuyan Group of Islands, Ilocos region, Cordillera Administrative Region, Zambales, and Bataan.

The southwest monsoon will also bring partly cloudy skies with isolated rain showers and thunderstorms in Metro Manila and the rest of Luzon.

The rest of the country will experience partly cloudy to cloudy skies with isolated rain showers due to localized thunderstorms.
(Alexandria San Juan)



Water level sa Angat, La Mesa tumaas

TUMAAS ang lebel ng tubig sa Angat at La Mesa dams, ang pangunahing pinagkukuhanan ng isinusuplay na tubig sa Metro Manila.

Umabot sa 161.35 metro ang tubig sa Angat dam kahapon ng umaga, tumaas ng 1.19 metro kumpara sa lebel nito noong Biyernes ng umaga.

Ang critical level ng Angat ay 160 metro at ang normal water level nito ay 180 metro.

Ang tubig naman sa

La Mesa dam ay 73.21 metro tumaas ng 0.12 metro kumpara sa 73.09 metro na sukat nito noong Biyernes.

Ang critical level ng La Mesa dam ay 69 metro at ang normal operating level nito ay 80 metro.

May mga lugar pa rin na nakararanas ng mahina hanggang walang suplay ng tubig sa Metro Manila. May mga nagreklamo rin na kulay milk tea ang tubig na lumalabas sa kanilang gripo.

— *Leifbilly Begas*



STRATEGIC
COMMUNICATION
INITIATIVES
SERVICE

THE EXPONENT OF PHILIPPINE PROGRESS
SINCE 1900
MANILA BULLETIN
THE NATION'S LEADING NEWSPAPER



PAGE



UPPER
LOWER



PAGE 1
STORY



BANNER
STORY



EDITORIAL



CARTOON

21 JUL 2019

TITLE: Such great economic progress in last 3 years

PAGE 1/

DATE

pg 1

Such great economic progress in last 3 years

WHEN President Duterte delivers his State of the Nation Address (SONA) at a joint session of Congress tomorrow, Monday, it will mark the start of the second half of his administration. A great deal is expected in these next three years, especially in the economic field. The World Bank sees the Philippines as the fastest growing economy in the Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) today. It is now the 13th largest economy in Asia, and projected to be the 5th largest in Asia and 16th largest in the world by 2050.

What could be the most significant economic development for the country in the coming months and years is a joint oil and gas exploration with China which is expected to begin this November, according to Energy Secretary Alfonso Cusi, chairman of the National Economic and Development Authority (NEDA).

President Duterte signed last May 28 Executive Order No. 80 removing a final roadblock to an oil exploration, development, and production agreement between the Philippine Exploration Corp. and the China National Offshore Oil Corp. The administration had earlier signed its first agreement with an Israeli company in 2018 covering a 416,000-hectare area east of Palawan. The new agreement with China covers a 720,000-hectare area in Calamian, west of Palawan. Calamian is one of two regions near Palawan believed to have considerable oil resources; the other is Reed Bank.

The oil exploration agreement is only one area in the multi-faceted relations we have developed

with China in the last three years. Our trade with China, including Hong Kong, reached \$417 billion this May, making it the Philippines' top trading partner. Philippine banana exports tripled in the first quarter of 2019 to \$160 million. Philippine Online Gaming Operations (POGO) earned ₱24 billion in taxes. In 2018, 1.2 million Chinese tourists boosted the Philippine economy by ₱32 billion; 2 million are expected by 2020, a potential addition of ₱50 billion to the economy.

In our "Build, Build, Build" infrastructure program, China is involved in a big way, including two donated bridges across the Pasig River, funding for a ₱500-million Metro Manila flood-control project now on its second year, a ₱175-billion South Rail Project, and an ₱18.7-billion Kaliwa Dam to boost Metro Manila's water supply.

We may have ongoing disputes in our conflicting claims to certain islands in the South China Sea, particularly in the 200-mile Exclusive Economic Zone we have renamed West Philippine Sea, but President Duterte appears to have the situation well in hand. He believes the political dispute will eventually be settled; in the meantime, he is determined to see the Philippines benefit from the many economic programs that are underway.

The first half of the Duterte administration ends today with considerable economic growth and progress. We look forward to the second half which, we expect, will be marked with even more economic growth, as the President spells out his plans for the country in the next three years in his State of the Nation Address tomorrow.



STRATEGIC
COMMUNICATION
INITIATIVES
SERVICE

THE EXPONENT OF PHILIPPINE PROGRESS
SINCE 1900
MANILA BULLETIN
THE NATION'S LEADING NEWSPAPER

PAGE

UPPER
 LOWER

PAGE 1
STORY

BANNER
STORY

EDITORIAL


CARTOON


21 JUL 2019

DATE

TITLE: Such great economic progress in last 3 years PAGE 1/

pg 2





EDITORIAL

Malaking pag-unlad sa ekonomiya sa nakalipas na tatlong taon

Sa pagpapahayag ni Pangulong Duterte ng kanyang State of the Nation Address (SONA) sa isang joint session ng Kongreso bukas, Lunes, magmamarka ito ng simula para sa ikalawang bahagi ng kanyang administrasyon. Malaki ang inaasahan sa susunod na tatlong taon, partikular sa sektor ng ekonomiya ng bansa. Tinitingnan ng World Bank ang Pilipinas bilang pinakamabilis na umuunlad na ekonomiya sa Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) sa kasalukuyan. Ito ngayon ang ika-13 sa pinakamalaking ekonomiya sa Asya, at inaasahang magiging ikalimang pinakamalaki sa Asya at ika-16 na pinakamalaki sa mundo pagsapit ng 2050.

Inaasahang pinakamahalagang pagsulong para sa ekonomiya ng bansa sa susunod na mga buwan at taon ay ang joint oil and gas exploration ng bansa kasama ang China na inaasahang magsisimula na ngayong Nobyembre, ayon kay Energy Secretary Alfonso Cusi, pinuno ng National Economic and Development Authority (NEDA).

Nitong nakaraang Mayo 28, nilagdaan ni Pangulong Duterte ang Executive Order No. 80 na nagtatanggal sa harang para sa kasunduan ng oil exploration, development at production sa pagitan ng Philippine Exploration Corp. at ng China National Offshore Oil Corp. Una nang nilagdaan ng administrasyon ang unang kasunduan sa isang kumpanya mula Israel noong 2018 na sumasakop para sa eksplorasyon ng 416,000-ektarya sa silangan ng Palawan. Ang bagong kasunduan naman sa China ay sumasakop sa 720,000 ektarya sa bahagi ng Calamian, kanluran ng Palawan. Isa ang Calamian sa dalawang rehiyon malapit sa Palawan na pinaniniwalaang may malaking yaman ng langis; ang isa pa ay ang Reed Bank.

Ang oil explorasyon ay isa lamang bahagi ng maraming aspetong ugnayan na ating nabuo sa China sa nakalipas na tatlong taon. Ang ating kalakalan sa China, kabilang ang Hong Kong, ay umabot na sa \$417 billion ngayong Mayo, dahilan upang maging pangunahing katuwang sa kalakalan nito ang Pilipinas. Naging triple ang bilang ng iniluluwas na saging ng Pilipinas sa unang bahagi ng 2019 na umabot sa \$160 million. Kumita ang Philippine Online Gaming Operations (POGO) ng P24 billion sa buwis. Noong 2018, 1.2 million turistang Chinese ang nagpaangat sa ekonomiya ng Pilipinas ng P32 billion; habang inaasahan ang 2 million pagsapit ng 2020, na nagbibigay ng potensiyal na P50 billion sa ekonomiya ng bansa.

Malaki rin ang kinalaman ng China sa imprastrakturang programa ng bansa, na "Build, Build, Build". Kabilang ang dalawang donasyon na tulay sa bahagi ng Ilog Pasig, pagpopondo ng P500-million para sa Metro Manila flood-control project na ngayon ay nasa ikalawang taon na, ang P175-billion na South Rail Project, at ang P18.7 billion Kaliwa Dam na magpapaangat sa suplay ng tubig sa Metro Manila.

Maaaring may hindi tayo pagkakaunawaan sa ating paggigiit ng karapatan sa ilang isla sa South China Sea, partikular sa 200-mile Exclusive Economic Zone na pinangalanan nating West Philippine Sea, ngunit 'tila maayos at kontrolado naman ni Pangulong Duterte ang sitwasyon. Naniniwala siyang kalaunan ay maayos din ang politikal na sigalot; ngunit sa ngayon, determinado siya na makita ang benepisyong hatid sa Pilipinas ng maraming ekonomikal na programang ipinatutupad.

Nagtapos na ngayong araw ang unang kalahati ng administrasyong Duterte kasama ng malaking paglago at pag-unlad sa ekonomiya. Umaasa tayo sa ikalawang kalahati, na magbibigay ito ng higit na malaking paglago sa ekonomiya, sa paglalagat ng Pangulo ng kanyang plano para sa bansa sa susunod na tatlong taon sa kanyang State of the Nation Address, bukas.



NI KORINA SANCHEZ

Huling salita

AYON sa pinakabagong survey ng SWS, mas maraming Pilipino ang hindi naniniwala sa magagandang intensiyon ng China. Naganap ang survey matapos ang insidente sa Recto Bank kung saan iniwan na lang ang mga Pilipinong mangingisda matapos mabangga o banggain ng Chinese vessel. Malinaw na hindi ito ikinatuwa ng marami. Hanggang ngayon ay wala pang pananagutan ang mga tauhan ng barko ng China kung sila nga ang nakabangga. Minaliit ng gobyerno ng China pati na rin ng administrasyon ang insidente, hanggang lumabas ang ulat ng PCG-Marina na matapos ikutan ng barko ng China ang mga Pilipinong mangingisda, pinatay ang kanilang ilaw at umalis.

Kaya naman mukhang babala ang pahayag ni Presidential Spokesperson Salvador Panelo na "nayayamot si President Duterte kaya tuturuan ang kanyang mga kritiko" sa SONA bukas. Ang pagbatikos sa kasunduan ni Duterte at Chinese President Xi Jinping na payagan ang mga mangingisda ng Chinese sa ating EEZ sa West Philippine Sea ang kinaiinisan daw ni Duterte.

Lumabas na lang ang nasabing kasunduan nang maganap ang insidente sa Recto Bank. Nasa loob kasi ng Exclusive Economic Zone (EEZ) ng Pilipinas ang Recto Bank kaya marami ang nagtanong kung bakit nasa loob ng EEZ ang barko ng China, kung nakasaad sa Saligang Batas na ang mga Pilipino ang dapat makinabang sa lahat ng yamang maibibigay ng ating EEZ. Ayon kay Duterte, tayo nga ang may-ari ng bahagi ng karagatang iyan pero pinapayagan lang daw niya ang China na makapangisda roon. Ginawa rin para makabalik ang mga Pilipinong mangingisda sa Panatag Shoal.

Hindi nga ito tinanggap ng marami tulad ni Supreme Court Senior Associate Justice Antonio Carpio na walang pagod na ipinagtatanggol ang soberenya, teritoryo at karapatan ng bansa. Nanawagan nga na bawiin ang

(Sundan sa pahina 5)

K KA LANG?... Mula pahina 4

nasabing kasunduan ng Pilipinas sa China at huwag banggitin sa kanyang SONA bukas. Kapag binanggit umano ni Duterte ang kasunduan, legal na raw ito at hindi na puwe-

deng bawiin, hindi na rin tayo puwedeng umatras. Wala na ring magagawa ang mamamayan kahit ganyan pa ang saloobin, dahil si Duterte ang may huling salita.



Preparations for 4th SONA in full swing

By **EFREN MONTANO**

MALACAÑANG said preparations for President Rodrigo Duterte's fourth State of the Nation Address (SONA) are in full swing, adding that the Chief Executive had been editing his speech during rehearsals last Friday.

Communications Secretary Martin Andanar said that Duterte has always been the one editing his SONA since he assumed office. Andanar said Duterte cut down his speech from 28 to just 19 pages.

"The original 28-page speech was cut to 19 pages. We are still revising the speech as ordered by PRRD. It's 98 percent done. The speech will be about 45 minutes to an hour-long without adlib," said Andanar.

During the rehearsals which ended around 10 p.m., Duterte was assisted by Andanar, Presidential Spokesman Salvador Panelo and Senator Bong Go.

Television and film director Joyce Bernal who was tapped to direct Duterte's fourth SONA was also present. Andanar said Radio Television Malacañang (RTVM) and Bernal's team are ready for the event.


"The RTVM headed by Director Demic Pabalan and the team of Director Joyce Bernal are 100 percent ready. Barring any technical malfunction, we are good to air," Andanar bared.

Earlier, Andanar said Duterte's SONA would likely take at least 45 to 80 minutes, depending on the speed of the President's delivery and if he decides to go off-script.

Duterte's first SONA in 2016 lasted 92 minutes while his second SONA lasted for two hours. His third SONA lasted for 48 minutes.

Sources bared the West Philippine Sea (WPS) issue will be possibly discussed by the President in his SONA.

"Highly possible that WPS among others will be dis-



PRES. DUTERTE

cussed," the source said.

Duterte earlier said he will "educate" his critics about his decisions regarding the South China Sea dispute during his SONA, and why they are not unconstitutional.

Panelo said Duterte's SONA would be "short" and would focus on his promises such as eradicating illegal drugs and corruption, and his plans for the remainder of his term.

The Palace also said Duterte's speech tomorrow would be short because of the three pre-SONA briefings where the administration's achievements were extensively discussed.



Duterte readies 'short' SONA

**By Efen
Montano**

MALACAÑANG said preparations for President Rodrigo Duterte's fourth State of the Nation Address (SONA) were in full swing, adding that Duterte himself has been editing his speech during rehearsals Friday evening.

Communications Secretary Martin Andanar said that Duterte has always been the one editing his SONA since he assumed office.

"So far 'yung ating (our) State of the Nation Address preparations ay (is) on its full swing. At for the past three years siya talaga ang nag-e-edit ng (he has been the one who edits his) speech," he said. Andanar said that Duterte cut down his speech from 28 to just 19 pages.

"The original 28-page speech was cut to 19 pages. We are still revising the speech as ordered by PRRD. It's 98 percent done," he said Sunday

morning.

"The speech will be about 45 minutes to an hour-long without adlib," he added.

Assisting the President in the rehearsals, which ended around 10 p.m., were Andanar, Presidential Spokesman Salvador Panelo, and Senator Bong Go. Television and film director Joyce Bernal who was tapped to direct Duterte's fourth SONA was also present.

Meanwhile, Andanar said that Radio Television Malacañang (RTVM) and Bernal's team were ready for the event.

"The RTVM headed by Director Demic Pabalan and the team of Director Joyce Bernal are 100 percent ready. Barring any technical malfunction, we are good to air," he said.

Earlier, Andanar said Duterte's SONA would likely take at least 45 to 80 minutes, depending on the speed of the President's delivery and if he decides to go off-script.

Duterte's first SONA

in 2016 lasted 92 minutes while his second SONA lasted for two hours. His third SONA lasted for 48 minutes.

Meanwhile, sources bared that the West Philippine Sea issue will be possibly discussed by the President in his SONA.

"Highly possible that WPS among others will be discussed," the source said.

The President earlier said that he will "educate" his critics about his decisions regarding the South China Sea dispute during his SONA, and why they are not unconstitutional.

Panelo said that Duterte's SONA would be "short" and would focus on his promises such as eradicating illegal drugs and corruption, and his plans for the remainder of his term.

The Palace also said that Duterte's speech on Monday would be short because of the three pre-SONA briefings where the administration's achievements were extensively discussed.



Ayon kay P-Digong

4TH SONA, MAS MAIKLI

KASADO na ang talumpati ni Pangulong Rodrigo Duterte para sa kanyang ikaapat na State of the Nation Address (SONA) bukas, July 22 kung saan ang Punong Ehekutibo mismo ang nag-edit ng kanyang speech sa isinagawang rehearsals sa Malacañang noong Biyernes ng gabi.

Ayon kay Communications Secretary Martin Andanar, si Pangulong Duterte mismo ang laging nag-e-edit ng kanyang talumpati sa SONA mula nang maluklok ito sa kanyang posisyon noong 2016.

"So far, yung ating State of the Nation Address preparations ay on its full swing. At for the past three years siya talaga ang nag-e-edit ng speech," ani Andanar.

Nabatid na binawasan ng pangulo ang kanyang talumpati na sa halip na 28 pahina ay ginawa na lamang itong 19 pahina.

Katuwang ng pangulo sa kanyang practice sina dating Special Assistant to the President at ngayon ay Senador

"Bong" Go, Presidential Spokesperson Salvador Panelo, Undersecretary Melchor Quitain, Sec. Andanar, Radio TV Malacañang Director Demic Pabalan at Director Joyce Bernal sa Rizal Hall ng Palasyo.

Una nang sinabi ni Andanar na tatagal ng mula 45 hanggang 50 minuto ang talumpati ng pangulo kung hindi mababago ang nakahandang speech nito.

Sinabi naman ni Cabinet Sec. Karlo Nograles na nais lamang sabihin ng pangulo sa kanyang SONA kung ano ang nilalaman ng kanyang puso.

Kilala si Pangulong Duterte sa mahabang talumpati at una na nitong sinabi na sa kanyang SONA bukas ay tuturuan niya ang kanyang mga kritiko sa isyu ng South China Sea.

Matatandaang, tumagal ng isang oras at 32 minuto ang unang SONA ng pangulo noong 2016 habang ang ikalawa ay nasa dalawang oras ngunit, noong nakalipas na taon ay nasa 48 minuto.

(Mylene Alfonso)



Duterte maraming sorpresa sa SONA – Palasyo

KINONTRA ng Malacañang ang pahayag ng mga kritiko na magiging “defensive” ang laman ng State of the Nation Address (SONA) ni Pangulong Rodrigo Duterte sa Lunes, Hulyo 22.

Sinabi ni Presidential Spokesman Salvador Panelo na kilalang mahilig manorpresya ang Pangulo kaya’t ito ang dapat abangan sa kanyang SONA.

Lumutang na magiging defensive ang SONA ng Pangulo matapos ang naging pahayag na lelekturan nito ang publiko sa isyu ng West Philippine Sea (WPS), bukod pa sa posibilidad na mabanggit nito ang tungkol sa International Criminal Court (ICC) at sa resolusyon ng Iceland patungkol sa drug campaign ng bansa.

Sinabi ni Panelo na kahit kailan ay hindi naging defensive si Pangulong Duterte sa mga isyung kinakaharap nito.

Binigyang-diin ng kalihim na malinaw ang sinabi ng Pangulo sa isa sa kanyang mga naging pahayag na nais niyang i-educate ang mga kritiko para malinawan ang isip ng mga mali ang pagkaintindi lalo na sa isyu

ng West Philippine Sea.

“No, never naman na defensive si Presidente. Sinabi niya he will educate the critics and detractors of the falsity and the wrongness of their stand,” ani Panelo.

Abogado aniya si Pangulong Duterte kaya alam nito ang batas, at marami sa kanyang mga kritiko ang hindi abogado kaya lelekturan niya ang mga ito.

Sinabi ni Panelo na malaya naman ang mga kritiko na kontrahin ang argumento ng Pangulo at ang Korte Suprema aniya ang huling magpapasya kung mali o hindi ang posisyon ng magkabilang panig.

